

Texas Education Agency

Toolkit sa Pagtatapos

Impormasyon para sa Pagpapalano ng Iyong mga Taon sa High School at Pagkatapos

kasama ang impormasyon tungkol sa
Foundation High School Program

 *Buod*

 *Mga Hakbang*

 *Mga Checklist*

 *Mga Mapagkukunan sa Trabaho mapagkunan*

 *Mga Benepisyo*

 *Mga Pagpipilian*

 *Mga Mapagkukunan sa Unibersidad mapagkunan*

 *Talahuluganan*

Texas Education Agency

Toolkit sa Pagtatapos

Programa sa Pagtatapos - *Buod*

Kinikilalang Antas ng Kagalingan (Distinguished Level of Achievement) - *Mga Benepisyo*

Diploma sa High School sa Texas- *Mga Hakbang*

Mga Pag-endorso - *Mga Pagpipilian*

Programa sa Pagtatapos - *Mga Checklist*

Impormasyon - *Mga Mapagkukunan sa Unibersidad*

Impormasyon - *Mga Mapagkukunan sa Trabaho*

Programa sa Pagtatapos - *Talahuluganan*

Foundation High School Program

Ang Foundation High School Program na may pag-endorso ay isang programang madaling iakma na nagpapahintulot sa mga estudyante na matamo ang kanilang mga interes. Ito ang karaniwang programa sa pagtatapos ng mga estudyante na nagsimula ng high school noong taong paaralan 2014-2015 o mga sumunod na taon.

Ang programa ay naglalaman ng aabot sa apat na bahagi:

- Isang foundation plan na mayroong 22 na credit, na sentro ng programa ng Texas para sa diploma sa high school
- Limang opsyon sa pag-endorso* na magpapahintulot sa mga estudyante na mag-pokus sa serye ng magkakaugnay na mga kurso
- Isang kategorya para sa mataas na pagganap na tinatawag na Kinikilalang Antas ng Kagalingan (Distinguished Level of Achievement)
- Mga Pagkilala sa Paggampan (Performance Acknowledgments) na kumikilala sa mga katangi-tanging tagumpay sa mga espesipikong larangan**

Kabilang sa kinakailangan (22 na credit) sa Foundation ay:

Ingles (4 na credit)	•Ingles I	•Ingles II	•Ingles III	•Isang mataas na kurso ng Ingles
Matematika (3 na credit)	•Algebra I	•Geometry	•Isang mataas na kurso ng matematika	
Agham (3 na credit)	•Biology	•Pinagsamang Physics at Chemistry o mataas na kurso ng agham		
Araling Panlipunan (3 na credit)	•Kasaysayan ng Daigdig o Heograpiya ng Daigdig		•Kasaysayan ng U.S.	
	•Gobyerno ng U.S. (one-half credit)		•Ekonomiks (isa't kalahating credit)	
Mga Wika Maliban Sa Ingles (2 na credit)	•2 na credit sa parehong wika o			
	•2 na credit sa Computer Science I, II, III			
Edukasyong Pangkatawan (1 na credit)	Sining (1 na credit)		Mga Elective (5 na credit)	
Pananalita: Nagpakita ng kasanayan				

Mga Pag-endorso Kabuuang credit kasama ang mga endorsement 26

Mga Pagpapahusay

Dagdag pa dito, maaaring makamit ng isang estudyante ang Kinikilalang Antas ng Kagalingan at/o Pagkilala sa Paggampan para sa katangi-tanging pagganap. Ang Kinikilalang Antas ng Kagalingan ay dapat makamit para matanggap sa isang pampublikong unibersidad sa Texas sa ilalim ng batas ng awtomatikong pagpasok ng Nangungunang 10 porsyento (Top 10 percent automatic admission law).

Kinikilalang Antas ng Kagalingan


- Mga kinakailangan sa Foundation Program
- 4 na credit sa matematika kabilang ang Algebra II
- 4 na credit sa agham
- hindi bababa sa 1 endorsement

Mga Saklaw ng Pagkilala sa Paggampan**

- mga kurso na dual credit
- bilinggualismo at biliteracy
- PSAT, ACT ASPIRE®, SAT or ACT
- Advanced Placement o mga pagsusulit para sa International Baccalaureate
- pagkamit ng sertipikasyon sa negosyo o sa industriya o lisensya na kinikilala ng estado, bansa o internasyonal

*Dapat magpahiwatig ng endorsement na gusto niyang sundin ang isang estudyante na magsisimula ng ika-9 na baitang. Maaaring magbago o magdagdag ng endorsement ang isang estudyante sa anumang panahon.

Maaaring magtapos ang isang estudyante nang kahit walang nakamit na endorsement kung lalagda ang kanyang magulang ng isang form na nagpapahintulot na kaligtan ang pangangailangan ng endorsement pagkatapos ng kanyang pangalawang taon.




Texas Education Agency Toolkit sa Pagtatapos

Kinikilalang Antas ng Kagalingan – *Mga Benepisyo*

Tinutukoy ng mga pagpipilian ang mga opsyon

Karamihan sa mga pinakamahuhusay na trabaho ngayon at sa hinaharap ay nangangailan ng edukasyon at pagsasanay na higit pa sa diploma sa high school. Kung balak mo na magtamo ng kredensiyal para sa trabahong may mataas na pangangailangan sa industriya mula sa isang community o technical college; o isang tradisyonal na apat na taong degree mula sa isang unibersidad, ang mga pagpipilian mo sa high school ang magtutukoy ng iyong mga opsyon sa hinaharap.

Mahalaga ang pagpili at pagkuha ng mga tamang klase para mapaghandaan mo nang mahusay sa ngayon ang pagpapatuloy ng edukasyon matapos ang high school, o ang pagsisimula ng may kalidad na pagsasanay para sa pagtatrabaho. Titiyakin ng Kinikilalang Antas ng Kagalingan ang pinakamahusay na paghahanda para sa iyong hinaharap.



Bakit ito importante — *Mga Benepisyo*

Ang Kinikilalang Antas ng Kagalingan ay nagbibigay-daan sa iyo patungo sa mundo ng mga oportunidad sa edukasyon at pagtatrabaho pagkatapos ng high school. Ang Kinikilalang Antas ng Kagalingan ay:

- Magpapahintulot sa iyo na makipagkumpitensya para sa kwalipikasyon sa Nangunang 10% na may awtomatikong pagpasok sa anumang pampublikong unibersidad ng Texas;
- Ilalagay ka kasama ang mga unang makatanggap ng TEXAS Grant* para matulongang mabayaran ang tuition at mga bayarin sa unibersidad; at
- Sisiguraduhing ikaw ay maging aplikante na mas kayang makipagsabayan para sa mga pinakamapiling kolehiyo at unibersidad.

*Dapat ay may kwalipikasyong pinansyal

Nangunguhulugan ito na

Ang Kinikilalang Antas ng Kagalingan ay nangangailangan ng mas maraming klase sa matematika at agham kaysa sa Foundation High School Program Ang Kinikilalang Antas ng Kagalingan ay nangangailangan ng:

- May kabuuang apat na credit sa matematika, kabilang ang Algebra II;
- May kabuuang apat na credit sa agham; at
- Matagumpay na pagkumpleto ng isang endorsement sa larangan ng iyong interes.

Mga Pakinabang

- Oportunidad na makamit ang isang endorsement sa larangan ng interes
- Mas madaming opsyon para sa kolehiyo at unibersidad
- Mas maraming opsyon para sa tulong pinansyal
- Mas mabuting paghahanda para sa araling pangkolehiyo sa mga community/technical college at mga unibersidad
- Pagkakataong makapag-enroll kaagad sa mga klase na may kaugnayan sa napili mong larangan ng pag-aaral
- Matatag na pundasyon para matagumpay na makatapos ng kredensiyal para sa pagtatrabaho sa industriya o para sa degree sa kolehiyo




Kinikilalang Antas ng Kagalingan

26 na Credit • Kinakailangan ang Algebra II • Kwalipikado para sa Nangungunang 10% na may Awtomatikong Pagpasok sa mga Pampublikong Unibersidad ng Texas


22 na Credit para sa Foundation High School Program

Mga Kinakailangan sa 1 Endorsement


(kabilang ang 4 na credit sa parehong Matematika at Agham at 2 karagdagang elective)




STEM




Negosyo at
Industriya



Serbisyong
Pampubliko



Arte at
Humanidades



Aralin ng
Iba't-ibang
Disiplina

Siguraduhing bumisita sa tagapayo ng iyong paaralan para matuto nang higit pa hinggil sa iyong mga opsyon.
Maaaring makamit ng mga mag-aaral ang higit sa isang endorsement.

Mga Endorsement

Maaaring makamit ng mga mag-aaral ang isa o higit pa na mga endorsement bilang bahagi ng mga kinakailangan nila para sa pagtatapos. Kabilang sa mga endorsement ang serye ng mga kurso na nakapangkat ayon sa interes o hanay ng kasanayan. Nagbibigay ito ng malalim na kaalaman tungkol sa isang paksa sa mga mag-aaral.

Dapat pumili ng endorsement* ang mga mag-aaral sa kanilang ika-9 na baitang. Hindi kinakailangan ng mga distrito o mga charter na mag-alok ng lahat ng mga endorsement. Kung iisa lamang ang endorsement na inaalok, kinakailangang ito ay aralin ng iba't-ibang disiplina (multidisciplinary studies).

Makatatanggap ng endorsement ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagkumpleto ng mga kinakailangan ng kurikulum para sa endorsement, kabilang ang 4 na credit sa parehong matematika at agham at 2 karagdagang credit na elective.

Maaaring pumili ang mga estudyante mula sa 5 larangan ng endorsement

Agham, Teknolohiya, Engineering at Matematika (Science, Technology, Engineering and Mathematics, STEM)

- Mga kurso sa Karera at Teknikal na Edukasyon (Career and Technical Education, CTE) na may kaugnayan sa STEM
- Computer Science • Matematika • Agham
- Kumbinasyon ng hindi hihigit sa dalawa sa mga kategoryang nakalista sa taas

Negosyo at Industriya (isa sa mga sumusunod o kumbinasyon ng mga larangan)

- Agrikultura, Pagkain at mga Likas na Yaman
- Arkitektura at Konstruksiyon
- Arte, Teknolohiya ng Audio/Video at Komunikasyon
- Business Management at Administration
- Finance
- Hospitality at Tourism
- Information Technology
- Manufacturing
- Marketing
- Technology Applications
- Transportasyon, Distribusyon at Lohistika
- Mga elective sa Ingles sa:
 - advanced broadcast journalism
 - advanced journalism
 - debate
 - pagsasalita sa publiko

Serbisyong Pampubliko (isa sa mga sumusunod)

- Serbisyong Pantao
- Batas
- Pagpapatuwid (Sistemang Koreksiyonal) at Seguridad
- Agham Pangkalusugan
- Kaligtasan ng Publiko
- Edukasyon at Pagsasanay
- Gobyerno at Pampublikong Pangangasiwa
- Junior Reserve Officer Training Corps (JROTC)

Artes at Humanidades (isa sa mga sumusunod)

- 2 antas sa dalawang wika maliban sa Ingles (languages other than English, LOTE)
- 4 na antas sa parehong LOTE
- Mga kurso sa isa o dalawang larangan (musika, teatro, artes, sayaw) sa sining
- Mga elective sa Ingles na hindi kabilang sa Negosyo at Industriya
- Araling Panlipunan
- American Sign Language (ASL)

Aralin sa Iba't-ibang Disiplina (isa sa mga sumusunod)

- 4 na advanced na kurso mula sa iba pang larangan ng endorsement
- 4 na credit sa bawat paksa ng foundation, kabilang ang Ingles IV at chemistry at/o physics
- 4 na credit sa Advanced Placement, International Baccalaureate, o napiling dual credit mula sa Ingles, matematika, agham, araling panlipunan, ekonomiks, LOTE o sining

* Bisitahin ang tagapayo ng iyong paaralan para matuto nang higit pa hinggil sa iyong mga opsyon. Maaaring makamit ng mga mag-aaral ang higit sa isang endorsement.

Ika-8 na Baitang

- Suriin** ang mga pagpipilian na inaalok sa ilalim ng **Foundation High School Program** at ang mga **Endorsement** para mapagpasyahan ang iyong haharapang landas na pang-akademiko.
- Piliin** ang endorsement na pinakamahusay na babagay sa larangan ng iyong personal na interes at sa kurso na iyong pinaplanong aralin sa kolehiyo.
- Kilalanin** na kabilang ang mga mahigpit at mataas na antas na kurso sa kinakailangan para matanggap sa karamihan ng mga kolehiyo kabilang ang **Algebra II**, mga matataas na antas ng kurso sa agham at mga wika maliban sa Ingles.

Ika-9/Ika-10na Baitang

- I-monitor** ang mga credit sa high school; siguraduhing mapunan ang lahat ng mga **kinakailangan ng lokal at ng estado**.
- Kumuha ng dual credit** o **mga kurso sa Advanced Placement** kung maaari upang makatanggap ng mga credit sa kolehiyo habang nasa high school pa.
- Maghanda** ng listahan ng mga parangal, mga honor at mga extracurricular na aktibidad para sa mga aplikasyon sa scholarship at kolehiyo.
- Siyasatin** ang mga kolehiyo at unibersidad na gusto mong pasukan. **Alamin** ang mga kinakailangan at mga timeline ng pagpasok (admission) at aplikasyon.
- Saliksikin** ang mga interes at samantalain ang mga oportunidad sa **Career Day**.
- Dumalo** sa mga **college night** na ihahanda ng iyong high school. **Kausapin** ang mga kinatawan ng paaralan tungkol sa mga uri ng tulong pinansyal na maaaring makuha.
- Kumuha** ng Preliminary SAT (PSAT)/National Merit Scholarship Qualifying Test sa iyong pangalawang taon bilang ensayo. Sa iyong pangatlong taon, kumuha ng PSAT para sa kwalipikasyon sa National Merit Scholarship Competition. Ang mga mag-aaral na kumuha ng PSAT o ACT ASPIRE® ay mas posibleng makakuha ng mas mataas na marka sa SAT o ACT kaysa sa mga hindi kumuha.

Ika-11/Ika-12na Baitang

- Kumuha ng dual credit** o **mga kurso sa Advanced Placement** kung maaari upang makatanggap ng mga credit sa kolehiyo habang nasa high school pa.
- Alamin** kasama ang iyong tagapayo ang tungkol sa mga maaaring makuha na mga scholarship. Siguraduhing mag-apply nang maaga at sa maraming scholarship hangga't maaari. Huwag limitahan ang sarili sa mga lokal na scholarship.
- Isaalang-alang** ang pagkuha ng mga klase sa paghahanda para sa SAT/ACT. **Mag-Sign up** at kumuha ng pagsusulit sa ACT at/o SAT, mas mabuti kung sa iyong ikatlong taon ngunit hindi lalampas sa taglagas ng iyong ikaapat na taon.
- Punan** ang FAFSA (Free Application for Federal Student Aid) sa simula ng tagsibol ng iyong ikaapat na taon.
- Mag-apply** sa kolehiyo sa taglagas ng iyong ikaapat na taon.

Kung nais mong magpatuloy sa pagsasanay na teknikal o magtrabaho pagkatapos ng iyong pagtatapos, tingnan ang pahina ng Impormasyon sa - *Mga Mapagkukunan sa Trabaho* o bisitahin ang Texas Reality Check sa www.texasrealitycheck.com/.

Mga Mapagkukunan

Foundation High School Program na may mga Endorsement

tea.texas.gov/graduation-requirements/hb5.aspx

Noong 2013, ipinasa ng Lehislatura ng Texas ang House Bill 5 na nagsimulang Foundation High School Program. Ang webpage na ito ay nagbibigay ng hanay ng impormasyon kabilang ang:

- Isang magkahanay na paghahambing ng Foundation High School Program at ng mga nakalipas na mga programa sa pagtatapos
- Mga Kadalasang Tanong (Frequently Asked Questions) tungkol sa Foundation High School Program
- Mga Inapubahang Patakaran ng Foundation High School — Detalyadong impormasyon tungkol sa programa sa pagtatapos ng estado

Compare College TX

www.comparecollegetx.com

Ang College Tx ay isang Compareinteractive, mobile-friendly na web tool na idinisenyo upang matulungan ang mga mag-aaral at mga magulang na matuto nang higit pa tungkol sa mga pampublikong unibersidad at mga community/technical college ng Texas.

Alam mo ba...

credit

na maaaring makatanggap ng credit sa kolehiyo ang mga mag-aaral habang nasa high school sa pamamagitan ng pagkuha ng mga kurso sa Advanced Placement at pagkamit ng mga matataas na grado sa mga pagsusulit sa AP o sa pamamagitan ng pag-enroll at pagpasa ng mga kurso na dual credit?

kita

na sa kanilang buhay, ang mga nagtapos ng high school na may bachelor's degree ay kikita ng mas mataas nang 84 porsyento sa nagtapos lamang ng high school?

kwalipikasyon

na ang mga mag-aaral na kabilang sa Nangungunang 10 porsyento ng mga magtatapos mula sa isang kinikilalang pampubliko o pribadong high school sa Texas ay maaaring kwalipikado para sa awtomatikong pagkapasok sa isang pampublikong unibersidad sa Texas kung nakumpleto nila ang Kinikilalang Antas ng Kagalingan?

tuition

na ang may pinakamataas na ranggo na nagtapos sa isang pampublikong high school sa Texas ay makatanggap ng sertipiko mula sa Texas Education Agency na maaaring gamitin bilang scholarship para mapunan ang mga gastos sa matrikula sa anumang pampublikong kolehiyo o unibersidad sa Texas?

Karera

Kung iniisip mo na magpatuloy ng direktso sa pagtatrabaho o sa programa ng teknikal na pagsasanay kasunod ng iyong pagtatapos, kinakailangan mo pa rin na kumpletuhin ang iyong edukasyon sa high school at makamit ang diploma sa high school.

Habang nasa high school, makakatulong na:

- Tingnan** ang limang endorsement na inaalok sa ilalim ng Foundation High School Program.
- Tukuyin** ang iyong larangan ng interes.
- Kumpletuhin** ang iyong napiling endorsement kasabay ng kinakailangan na foundation program para makamit ang iyong diploma sa high school.
- Pag-aralan** ang tungkol sa mga maaaring makuhang trabaho, at anumang kinakailangang pagsasanay pagkatapos ng high school o pagsasanay na teknikal.
- Magsaliksik** ng mga oportunidad para sa bagong karera.
- Siyasatin** ang impormasyon tungkol sa sahod at trabaho, mga kinakailangang antas ng edukasyon at mga kinakailangang pagsasanay.
- Tuklasin** ang iyong mga interes at mga abilidad; gamitin ang mga mapagkukunan sa merkado ng paggawa sa www.texasrealitycheck.com/ at sa www.texasworkforce.org/customers/jsemp/career-exploration-trends.html.
- Siyasatin** kung anong mga trabaho ang mabilis at pinakamataas ang pangangailangan sa Texas sa www.texascaresonline.com/hotshots/hotshotslists.asp.

Community College & Mga Career School

- Hanapin** ang mga pagsasanay at mga sertipikasyon para sa mga espesipikong trabaho o mga kasanayan mula sa mga community college o mga career school sa www.texasworkforce.org/svcs/propschools/career-schools-colleges.html.

Alam mo ba...

pagsasanay

na karamihan sa mga trabahong¹ may mataas na demand ay nangangailangan ng edukasyon pagkatapos ng sekondarya?

tuition

na ang mga mag-aaral na pumapasok sa mga community college o trade school ay maaari ring kwalipikado para sa pang-estado o pederal na tulong pinansyal?²

kredensiyal

na ang mga mag-aaral ng mga pampublikong paaralan ng Texas ay maaaring makatanggap ng Pagkilala ng Paggampan sa kanilang mga transcript sa pamamagitan ng pagkamit ng kredensiyal sa mga espesipikong trabaho na kinikilala ng estado, bansa, o ng internasyonal, tulad ng certified nurses' aid certification (CAN) o computer tech certification (CTC) habang nasa high school pa?

kita

na sa kanilang buhay, ang mga nagtapos ng high school na may sertipiko ng trabaho mula sa isang community o technical college ay maaaring kumita ng 20 porsyentong mas mataas³ kaysa sa mga mayroon lamang diploma sa high school?

¹ Texas Workforce Commission

² Alamin ang mga katotohanan sa www.collegeforalltexans.com or studentaid.ed.gov

³ Center on Education and the Workforce, "Certificates: Gateway to Gainful Employment and College Degrees," June 2012. Georgetown University

Foundation High School Program

Ang basic na 22 na credit na programa para sa mga mag-aaral ng pampublikong paaralan ng Texas.

Mga Endorsement

Larangan ng mga espesyal na aralin. Ang mga larangan ay:

- Agham, Teknolohiya, Engineering at Matematika (STEM)
- Negosyo at Industriya
- Artes at Humanidades
- Serbisyon Pampubliko
- Aralin sa Iba't-ibang Disiplina (Multidisciplinary Studies)

Ang distrito o charter na may iisa lamang na endorsement ay dapat mag-alok ng Aralin sa Iba't-ibang Disiplina.

Kinikilalang Antas ng Kagalingan

Mataas na antas ng kagalingan sa akademiko na nakakamit sa paggampan ng higit pa sa Foundation High School Program. Kinakailangan nito ng kabuuan na 26 credit sa kurso, kabilang ang Algebra II, isang pang-apat na credit sa agham at isang endorsement. Kinakailangang makamit ng mag-aaral ang titulong ito upang maging kwalipikado para sa Nangungunang 10 porsyento na may awtomatikong pagpasok sa isang pampublikong unibersidad ng Texas.

Pagkilala ng Paggampan

Maaaring magkamit ang mga mag-aaral ng karagdagang pagkilala sa kanilang mga transcript dahil sa katangitang paggampan sa mga larangan tulad ng mga kurso na dual credit at bilinggualismo at biliteracy; sa Advanced Placement, International Baccalaureate, PSAT, ACT, ASPIRE, sa mga pagsusulit ng SAT o ACT; o sa pamamagitan ng pagkamit ng sertipikasyon sa negosyo o industriya na kinikilala ng estado, bansa o pang-internasyonal.

Credit sa Kurso

Yunit ng pagsukat na iginagawad para sa matagumpay na pagkumpleto ng isang kurso. Ang pagkumpleto ng isang kurso sa semestre ay karaniwang nagbibigay ng isa't kalahating credit sa isang estudyante.

Kredensiyal ng Trabaho sa Industriya (Industry Workforce Credential)


Kredensiyal na kinikilala ng estado, bansa, o pang-internasyonal na umaayon sa kaalaman at mga pamantayan ng kasanayan na tinutukoy ng isang entidad ng samahan o ng gobyerno na kumakatawan sa isang partikular na propesyon o trabaho at may pagtatasa ng negosyo o industriya. Kabilang sa mga halimbawa ay ang kredensiyal para sa sertipikadong nurse aid (CNA) o ang sertipikasyon sa mahusay na serbisyo sa sasakyan (automotive service excellence, ASE) sa industriya ng sasakyan.

STAAR

Ang State of Texas Assessments of Academic Readiness (STAAR) ay isang pagsusuri na ibinibigay ng estado taun-taon sa mga estudyante na nasa ika-3 hanggang 8 na baitang at sa mga kurso sa high school.

EOC

Ang mga pagsusulit sa end-of-course (sa pagtatapos ng kurso) na inuutos ng estado at ibinibigay sa mga huling linggo ng isang kurso sa high school. Bukod sa pagkamit ng mga kinakailangan sa pagtatapos, kinakailangan din ng mga estudyante na ipasa ang mga end-of-course na pagsusulit para makatanggap ng diploma mula sa isang pampublikong paaralan sa Texas. Ang limang pagsusulit na ito ay ibinibigay sa estudyante kapag kinuha niya ang mga kurso ng Ingles I and II, Biology, Algebra I at ang Kasaysayan ng U.S.




Aking Mga Tala



A series of horizontal lines for writing, spanning most of the page width.

Petsa ng Aking Pagtatapos





Education AgencyTexas

1701 N. Congress Avenue

Austin, Texas 78701-1494

512 463-9734

tea.texas.gov

Ginawa ng

Texas Education Agency

sa pakikipagtulungan ng

Texas Higher Education Coordinating Board

at ng

Texas Workforce Commission

BR16-130-03